
4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 17: Panghalip na Pamatlig



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 17 Panghalip na Pamatlig**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rodrigo G. Embestro

**Editor:** Laila C. Namoro, Jerickson D. Getizo

**Tagasuri:** Rechie O. Salcedo, Dinnah A. Bañares

**Tagaguhit:** Emma N. Malapo, Jerome R. Guadalupe, Mark Anthony O. Taduran

**Tagalapat:** Rey Antoni S. Malate, Gladys Judd D. Perez

**Tagapamahala:** Regional Director: Glbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao Jr.
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
Regional Supervisor-Filipino: Nora J. Laguda
CID Chief: Jerson V. Toralde

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 17: Panghalip na Pamatlig

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Panghalip na Pamatlig.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Panghalip na Pamatlig

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain  na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Isang mapagpala at magandang araw saiyo.

Kumusta? Wala ka bang napapansin sa tuwing nag-uutos sa iyo si Nanay? Turo rito, turo roon! Ýan ang gawain ni Nanay. **Ito, iyon at iyan** ay ilan lamang sa mga salita na ginagamit na pamalit sa mga bagay na itinuturo. Ano ang mga ito?

Sa modyul na ito, ay lalo mong mapalalawak ang iyong kaalaman tungkol sa panghalip na pamatlig. Matututuhan mong gamitin ang panghalip na ito sa usapan at pagsasabi tungkol sa sariling karanasan.



Halika, umpisahan mo na ang pag- aaral sa mga salitang ginagamit sa pagtuturo ng tao, hayop, pook at bagay.

<u>*Dito*</u> magsisimula ang pag-aaral mo.

## *Subukin*

*Subuking gawin ito.*

Ano na ang alam mo tungkol sa uri ng panghalip na pamatlig? Subukin muna natin kung hanggang saan na ang alam mo.

**Panuto:** Piliin ang angkop na panghalip pamatlig upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. " Mga bata, __________ ang wastong paglilinis ng silid-aralan," sabi ng guro.

   A. ganito C. iyan
   B. ito D. iyon

2. __________ basang basahan ang gamitin niyo sa pagpupunas.

   A. Ganitong C. Iyang
   B. Itong D. Iyong

3. ______ ang regalong bigay sa akin ni ninong."

   A. Ito C. Iyon
   B. Iyan D. Dito

4. _______ ang aming bahay sa malapit sa may tindahan ng manga.

   A. Doon C. Iyon
   B. Iyan D. Dito

5. _________ sapatos ang gusto kong bilhin.

   A. Ditong C. Iyong
   B. Ganitong D. Ganoon

6. _________ sa lugar na iyan ang paboritong pasyalan ng mga bata tuwing bakasyon.

   A. Itong C. Doon
   B. Diyan D. Dito

7. ________ sa malayong lugar ang pinagmulang probinsiya ng aking tatay.

A. Narito C. Nariyan
B. Naroon D. Dito

8. ________ kulay ng suot mong damit ang paborito ng aking batang kapatid.

A. Ganyang C. Nariyan
B. Ganoon D. Ganito

9. _________ sa barangay natin makikita ang pinakamalaking bulaklak.

A. Narito C. Nariyan
B. Naroon D. Doon

10. _________ hawak kong bolpen ang sandata ko sa pagsusulat ng tula.

A. Iyang C. Iyong
B. Itong D. Doon

**Kumusta?**


Nasagot mo ba ang lahat ng mga tanong? Tingnan ang wastong sagot sa **pahina 15.**

Magaling! Maaari ka nang magpatuloy.



| Aralin | Panghalip na Pamatlig |
|---|---|

Paggamit ng iba’t ibang uri ng panghalip (pamatlig) - Patulad pahimaton paukol - paari panlunan paturol sa usapan at pagsasabi tungkol sa sariling karanasan



## *Balikan*

*Magbalik-aral ka.*

1. Sinumang gustong magtapos sa pag-aaral ay kailangang magsikap nang husto.
2. Bawat oras ay mahalaga.
3. Lahat ng mamamayan ay kailangang mag-ingat sa kumakalat na sakit.
4. Kailanman hindi ko makakalimutan ang dulot na epekto ng COVID-19.
5. Pinalakpakan ng madla ang katapangan ng ating Pangulo.

Narito ang mga pangungusap. Hanapin ang mga panghalip na an aklaw. Ngayong natukoy mo na ang mga pang uring panaklaw, ipagpatuloy na natin ang isa ,pang uri ng panghanlip.

Halika na.



***Mga Tala para sa Guro***

1. Bigyang gabay ang mag-aaral kung paano sasagutan ang mga pagsasanay.
2. Hingiin ang tulong ng magulang at tagagabay sa pagwawasto ng sagot. Sumangguni sa susi sa pagwawasto.

# *Tuklasin*

Basahin mko ang usapan ng magkaibigang Vince at Saydie. Pansinin ang mga salitang may salungguhit.

Suriin mo ang usapan ng magkaibigang Vince at Saydie. Pansinin ang mga salitang may salungguhit.

*Diyan* mo itapon ang mga hindi nabubulok na basura. *Doon* naman sa isang basurahan na nasa kabilang sulok ang mga nabubulok. *Dito* natin ilagay ang mga basurang hindi nabubulok at puwede pa natin itong ipagbili para magkapera tayo.

Saan *ko dapat itapon ang basura? Alin sa mga basurahan ang dapat kong paglagyan?*



Tanong:

1. Ano ang pinag-uusapan ng magkaibigan?
2. Bakit mahalagang paghiwalayin ang mga basura?
3. Anong uri ng panghalip ang ginamit sa usapan?



## ***Suriin***

Balikan natin ang usapan nina Rhea at Joshua.

1. Ano-ano ang mga salitang may salungguhit mula sa kanilang dayalogo? Kailan ginagamit ang mga ito?



*Ang mga salitang ginamit sa usapan na may salungguhit ( dito, diyan at doon ) ay mga halimbawa ng panghalip pamatlig. Ito ang mga panghalip na nagtuturo ng tao, bagay, hayop, lugar, o pangyayari.*

2. Ano ang tawag sa mga salitang ito?


***Ang tawag sa mga salitang may salungguhit ay panghalip na pamatlig.***

3. Kailan ginagamit ang mga ito?

***Ang panghalip na pamatlig ay ginagamit sa nagtuturo ng tao, bagay, hayop, lugar, o pangyayari.***

*Upang magamit mo nang wasto ang panghalip na pamatlig. Tukuyin mo muna mga ang ito sa bawat pangungusap.*

*Halika ipagpatuloy mo na.*



***<u>Diyan</u>* mo itapon ang mga hindi nabubulok na basura.**

Anong panghalip na pamatlig ang makikita sa pangungusap? ***Diyan***

Anong panauhan ang panghalip na pamatlig ang ginamit sa pangngusap? **Unang panauhan**

***<u>"Dito</u>* natin ilagay ang mga basurang hindi nabubulok at puwede pa natin itong ipagbili para magkapera tayo."**

Anong panghalip na pamatlig ang makikita sa pangungusap? ***Dito***

Anong panauhan ang panghalip na pamatlig ang ginamit sa pangngusap? **Ikalawang panauhan**

**"*<u>Doon</u>* naman sa isang basurahan na nasa kabilang sulok ang mga nabubulok."**

Anong panghalip na pamatlig ang makikita sa pangungusap? ***Dito***

Anong panauhan ang panghalip na pamatlig ang ginamit sa pangngusap? **Ikatlong**

***Sagutin mo.***

**Tukuyin ang panghalip na pamatlig na angkop gamitin sa mga pangungusap. Isulat ang letra ng sagot sa sagutang papel.**

1. ang asong bigay sa akin ni ninong."
   A. Ito C. Iyon
   B. Iyan D. Dito
2. _______siya natutulog sa ilalim ng mesa?
   A. Diyan C. Doon
   B. Niyan D. Dito

3. _______aso ang gusto ko ring alagaan.

A. Ganyan C. Ganon

B. Ganito D. Ito

4. _______sa tindahan ni Mang Ambo ako bumibili ng pagkain ng aking aso.

A. Doon C. Ito

B. Dito D. Iyan

5. _______sa punong ito ako madalas magpalipas ng oras ng aking alagang aso.

A. Dito C. Doon

B. Diyan D. Ayon



*Mahusay! Ano ang napansin mo sa mga panghalip na ginamit sa mga pangungusap?*

## Lagi mong tatandaan...

**Panghalip Pamatlig** ang mga panghalip na ginagamit sa pagtuturo ng hayop, bagay, lugar, o pangyayari.

Panauhan ng Panghalip

| Unang Panauhan | Ikalawang Panauhan | Ikatlong Panauhan |
|---|---|---|
| Ang pangngalang itinuturo o tinutukoy ay malapit o hawak ng taong nagsasalita. | Ang pangngalang itinuturo o tinutukoy ay malapit o hawak ng taong kinakausap. | Ang pangngalang itinuturo o tinutukoy ay malayo sa nagsaslita o sa nag-uusap. Ang pangngalang itinuturo o tinutukoy ay malayo sa nagsaslita o sa nag-uusap. |
| Ito, ire, nito, nire, ganito, ganire, dito, rito, dine, heto | Iyan, niyan, ganyan, diyan, hayan | Iyon, niyon, ganoon, gayon, doon, hayun |

## *Pagyamanin*

Ipagpatuloy ang pagsasanay.

**A. Panuto**: Piliin mo mula sa kahon ang panghalip pamatlig na bubuo sa diwa ng mga pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Diyan | nito | Dito | Ito | Doon | Ganito |

1. Paborito kong puntahan ang lugar na ________.
2. ________ kami nagkakilala ni Ben.
3. ________ kami umuupo sa damuhan sa lilim ng kahoy.
4. Bumibili kami ng meriyenda _________ sa malapit sa simbahan.
5. _________ oras rin kami nagsisimba tuwing linggo.

**B. Panuto:** Basahin mo ang tula. Piliin ang mga panghalip pamatlig na ginamit. Isulat ito sa iyong sagutang papel. Suriin kung paano ginamit ang mga ito sa tula.

**Noon at Doon**
*Joy CS*

Doon sa bayang aking pinanggalingan
Dito ang samahan ay walang kapantay
Naroon lagi ang pagdamay at pagtutulungan
Ganito ang pamayanang aking kinagisna’t kinalakhan.

Ito ang kulturang aking minana
Noon ang lahat ay masaya dahil nagkakaisa
Iyan ang ugaling sana’y mapanatili at akin pang makita
Sa kasalukuyang henerasyon ng bayan at sa mga susunod pa.

Mga ginamit na Panghalip Pamatlig

________________

________________

________________

________________

________________

________________

***Magaling!***
Matapos mong sagutin ang mga pagsubok, tingnan kung ito ay tama o mali sa pahina ng susi sa pagwawasto sa pahina 15.



## ***Isaisip***

Isiping mabuti…

**Panghalip** ang tawag sa mga salitang ______________sa ngalan ng tao, bagay, hayop, pook o pangyayari.

**Panghalip Pamatlig** ang tawag kapag ito ay ______________ng tao, hayop, bagay, lugar o pangyayari.
Halimbawa: ________, _________, _________, _________, _________, _________, _________, _________, _________.



## *Isagawa*

Upang lubos na masanay ka sa paggamit ng panghalip pamatlig. Isagawa ang gawain sa ibaba.

**Panuto:** Punan ng wastong panghalip pamatlig ang patlang upang mabuo ang diwa ng usapan sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel

**Sa Palengke**

Umaga pa gumayak na ang mag-inang Aling Rosa at John para mamalengke.

| | |
|---|---|
| Aling Rosa: | Anak, nadala mo ba ang mga supot na papel at sakong bag? |
| John: | Opo Nanay, isinilid ko po ________ sa basket ang sakong bag. _______ pong mga supot na papel ay diyan sa bag na dala mo nailagay ko. |
| Aling Rosa: | Mabuti naman. Kasi iyong mga isda at karne ay ilalagay natin _______ sa sakong bag at ang mga groceries at tinapay ay ______ sa supot na papel. |
| John: | Nanay, bakit gumagamit tayo ng supot na papel at sakog bag tuwing mamamalengke tayo? |
| Aling Rosa: | Kasi anak ang mga _________ ay muli nating gagamitin at makakatipid pa tayo, Isa pa hindi ito nagdudulot ng pagbaha sa ating kapaligiran |



***Magaling!*** Matapos mong sagutin ang pagsubok, tingnan kung ito ay tama o mali sa pahina ng susi sa pagwawasto sa pahina 15.



## Tayahin

*Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa paggamit ng panghalip pamatlig?*

Panuto: Piliin ang angkop na panghalip pamatlig sa loob ng panaklong na bubuo sa usapan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Sa Simbahan**

Linggo noon. Isinama ng mag-asawang Cardo at Liza ang kanyang mga anak na sina Francis, Lester at Anna sa simbahan.

| | |
|---|---|
| Cardo: | Mga anak 1._______ (dito, diyan, Ito, doon) tayo umupo sa hulihang upuan. |
| Lester: | Opo papa. 2.______ (Diyan, Doon, Ito, Ganito) ako sa tabi mo uupo. |
| Liza | O sige Lester 3._______( diyan, iyan, ito,naroon) ka sa tabi ng papa mo. Ako naman 4.______ (doon, ito, iyan, ganyan) ako sa dulo ng upuan para malapit sa may pintuan na palabas sa palikuran. |
| Francis: | Ako po naman 5.________ (diyan, rito, ganyan, ito) sa tabi mo mama. Ikaw Anna saan ka uupo? |
| Anna: | Siyempre po 6. ________ (dito , doon, iyan, iyon) sa gitna ninyo kuya. Ayaw kong mag-isang umupo 7._______ (ganito, doon, ito, diyan) sa unahan. |
| Cardo: | Sige na upo na nang maayos, huwag maingay at nakita ko na 8._______ (dito, doon, iyan, naroon) sa may pintuan sila Padre at mga Sakristan. |
| Lisa: | 9 __________( Ito, Doon,Ganyan, Ganito) ang sobre lagyan natin ng alay ng pasasalamat |
| Anna: | Ako na po ang magbibigay mamaya 10. ________ ( ito, doon, dito, niyan) kay Padre. |

Hindi nagtagal nagsimula nang tumugtog at umawit ang choir sa pagsisimula ng misa.

***Mahusay!*** Batid kong alam mo na kung paano gamitin ang panghalip pamatlig. Ipagpatuloy ang pagsagot sa ilan pang karagdagang gawain.

## *Karagdagang Gawain*

Para hindi mo makalimutan, magsanay pa sa paggamit ng panghalip pamatlig.

A. **Panuto:** Gamitin sa pangungusap ang mga sumusunod na panghalip pamatlig. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. dito
2. doon
3. diyan
4. ito
5. ganito




B. **Panuto:** Basahin ang sumusunod na mga sitwasyon at gamitin ang angkop na panghalip. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Si <u>Carlo</u> at <u>ako</u> ay pupunta ng Bikol. Doon _____ magbabakasyon.

A. kami C. ako
B. ikaw D. sila

2. Maagang gumising sina Selia, Jonith, John at Ronald. Pupunta _________ sila sa dagat para maligo.

A. kami C. ako
B. ikaw D. sila

3. _________ ang mga hinahangaan mong bayani sa ating bansa?.

A. Ano-ano C. Sino-sino
B. Saan D. Kailan

4. __________ ipinagdiriwang ang Araw ng mga Puso?

A. Ano C. Sino
B. Kailan D. Magkano

5. __________ ang kilo ng kilo ng siling labuyo?

A. Ilan C. Magkano
B. Sino D. Gaano

6. Tuwang-tuwa ang ______ sa ipinakita niyang galing sa pag-awit.

A. madla C. balana
B. isa D. tanan

7. Ang mga dumalo ay ________ may katungkulan sa pamayanan.

A. tanan C. madla
B. pawang D. sinuman

8. ___________ ay may kakayahang baguhin ang kanyang buhay.

A. Sinuman C. Anuman
B. Saanman D. Isa

9. "Bilisan mo ang iyong paglalakad. Nakikita mo ba ang punong iyon? ___________ ang aming bahay". Sabi ni Marlo sa kanyang kaibigan.

A. Ito C. Dito
B. Doon D. Iyon

10. "Ano iyang hawak mo Jemerson? Sabi niya sa kanyang kapatid. "_________ ay ang regalong ibibigay kay Nanay sa kanyang kaarawan". Tugon niya

A. Iyon C. Ito
B. Doon D. Iyan

**Malugod na pagbati!** Napagtagumapayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Maari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.



# *Susi sa Pagwawasto*

## Subukin

1. A
2. B
3. A
4. A
5. B
6. B
7. B
8. A
9. A
10. B

## Suriin

A.

1. GANITO
2. NINYO
3. GANIRE
4. ITO
5. HETO

B.

1. A
2. A
3. C
4. A
5. A

## Pagyamanin

A.

1. ITO
2. DIYAN
3. DOON
4. DITO
5. GANITO

B.

1. PAUKOL, DITO
2. PAUKOL, DOON
3. PATURO, ITO
4. PATULAD, GANITO
5. PANLUNAN, PAROON

## Isagawa

1. DITO
2. IYON
3. DIYAN
4. DITO
5. ITO

## Tayahin

1. DOON
2. DIYAN
3. DIYAN
4. DOON
5. DIYAN
6. DITO
7. DOON
8. DOON
9. ITO
10.NIYAN

## Karagdagang Gawain

1. A
2. D
3. C
4. B
5. C
6. A
7. B
8. A
9. B
10.C

## *Sanggunian*

Alfonso, Santiago at Tiongco, Norma G., 2003. *Makabagong Balarilang Filipino*, Binagong Edisyon. Manila: Rex Bookstore.

Dayag, Alma M. *Pinagyamang Pluma 5. Ikalawang edisyon.* Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc. 2019

Dayag, Alma M. *Pinagyamang Pluma 4*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc. 2017

Lalunio, L., at Gil, Francisca. *Hiyas sa Wika 4.* Binagong Edisyon. Quezon City: LG & M Corporation, 2010

Lalunio, Lydia., Gil, Francisca at Mindo, Dinnah D., 2000. *Hiyas sa Wika 6.* Quezon City: LG&M Corporation, pp.54-59

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph